Have you heard of the Four Spiritual Laws?

Just as there are physical laws that govern the physical universe, so are there spiritual laws which govern your relationship with God.

1 LAW ONE

GOD **LOVES** YOU AND OFFERS A WONDERFUL **PLAN** FOR YOUR LIFE.

(References contained in this booklet should be read in context from the Bible whenever possible)

GOD'S LOVE

"God so loved the world that He gave His one and only Son, that whoever believes in Him shall not perish, but have eternal life." (John 3:16)

GOD'S PLAN

[Christ speaking] *"I came that they might have life, and might have it abundantly"* [that it might be full and meaningful]. *(John 10:10)*

Why is it that most people are not experiencing the abundant life? Because…

2 LAW TWO

MAN IS **SINFUL** AND **SEPARATED** FROM GOD. THUS, HE CANNOT KNOW AND EXPERIENCE GOD'S LOVE AND PLAN FOR HIS LIFE.

MAN IS SINFUL

"All have sinned and fall short of the glory of God." (Romans 3:23)

Man was created to have fellowship with God; but, because of his stubborn self-will, he chose to go his own independent way, and fellowship with God was broken. This self-will, characterised by an attitude of active rebellion or passive indifference, is an evidence of what the Bible calls sin.

Narinig mo na ba ang Apat na Tuntuning Espirituwal?

Kung paanong may batas na pisikal na sinusunod ang daigdig, gayon din naman, may mga tuntuning espirituwal na may kinalaman sa iyong kaugnayan sa Diyos.

1 UNANG TUNTUNIN

INIIBIG KA NG DIYOS AT SIYA'Y MAY MAGANDANG **PLANO** SA IYO NG BUHAY.

(Hangga't maaari, ang mga talatang binabanggit sa libritong ito ay dapat basahin sa kanilang kabuuan mula sa Bibliya.)

ANG PAG-IBIG NG DIYOS

"Sapagkat gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak, upang ang sinumang sa Kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan." (Juan 3:16)

ANG PLANO NG DIYOS

[Si Cristo ang nagsasalita] *"Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay at magkaroon ng kasaganaan nito." (Juan 10:10)*

Bakit ang karamihan ay hindi nakararanas ng masaganang buhay?

Sapagka't...

2 IKALAWANG TUNTUNIN

ANG TAO AY **MAKASALANAN** AT **NAHIWALAY** SA DIYOS, KAYA'T HINDI NIYA MAAARING MALAMAN AT MARANASAN ANG PAG-IBIG AT PLANO NG DIYOS SA KANYANG BUHAY.

ANG TAO AY MAKASALANAN

"Sapagka't ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Mga taga-Roma 3:23).

Ang tao ay nilikha upang makasama ng Diyos, subali't ayaw niyang pasakop sa Diyos. Humiwalay siya ng daan na ikinasira ng pakikisama niya sa Diyos. Ang katigasang ito ng tao na nakikilala sa tahasang pagsuway o pagwawalang bahala ay nagpapatunay sa tinatawag ng Bibliya na kasalanan.

MAN IS SEPARATED

"The wages of sin is death" [spiritual separation from God]. *(Romans 6:23)*



This diagram illustrates that God is holy and man is sinful. A great gulf separates the two. The arrows illustrate that man is continually trying to reach God and the abundant life through his own efforts, such as a good life, philosophy, or religion – but he inevitably fails.

The third law explains the only way to bridge this gulf…

3 LAW THREE

JESUS CHRIST IS GOD'S **ONLY** PROVISION FOR MAN'S SIN. THROUGH HIM YOU CAN KNOW AND EXPERIENCE GOD'S LOVE AND PLAN FOR YOUR LIFE.

HE DIED IN OUR PLACE

"God demonstrates His own love towards us, in that while we were yet sinners, Christ died for us." (Romans 5:8)

HE ROSE FROM THE DEAD

"Christ died for our sins…He was buried…He was raised on the third day, according to the Scriptures…He appeared to Peter, then to the twelve. After that He appeared to more than five hundred…" (1 Corinthians 15:3-6)

HE IS THE ONLY WAY TO GOD

"Jesus said to him, 'I am the way, and the truth, and the life; no one comes to the Father, but through Me'." (John 14:6)



This diagram illustrates that God has bridged the gulf which separates us from Him by sending His Son, Jesus Christ, to die on the cross in our place to pay the penalty for our sins.

It is not enough just to know these three laws…

NAHIWALAY ANG TAO SA DIYOS

"Sapagka't ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan (espirituwal na pagkahiwalay sa Diyos) *(Mga taga-Roma 6:23).*

Inilalarawan dito na banal ang Diyos at makasalanan ang tao, at sila ay magkahiwalay. Patuloy na nagsisikap ang tao na maabot ang Diyos at ang masaganang buhay sa pamamagitan ng kaniyang sariling paraan, tulad ng mabuting pamumuhay, mabuting kaugalian, pilosopiya o relihiyon.

Ipinaliliwanag ng ikatlong tuntunin ang tanging paraan upang matugunan ang suliranin ng tao…

3 IKATLONG TUNTUNIN

SI JESU-CRISTO ANG **TANGING** LUNAS SA KASALANAN NG TAO. SA PAMAMAGITAN NIYA AY MALALAMAN MO ANG PAG-IBIG AT PLANO NG DIYOS SA IYONG BUHAY.

NAMATAY SIYA PARA SA ATIN

"Datapuwa't ipinagtatagubilin ng Diyos ang Kaniyang pag-ibig sa atin na nang tayo'y mga makasalanan pa, si Cristo ay namatay dahil sa atin" (Mga Taga-Roma 5:8).

NABUHAY SIYANG MULI

"Si Cristo'y namatay dahil sa ating mga kasalanan... At Siya'y inilibing, at muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan; At Siya'y nagpakita kay Pedro, saka sa labindalawa. Pagkatapos ay nagpakita sa mahigit na limang daang kapatid…"(1 Corinto 15:3-6)

SIYA ANG TANGING DAAN PATUNGO SA DIYOS

"Sinabi sa kaniya ni Jesus, 'Ako ang daan, at ang katotohanan,at ang buhay: sinuman ay di makapaparoon sa Ama, kundi sa pamamagitan Ko'" (Juan 14:6).



Inilalarawan dito na nilutas ng Diyos ang pagkakahiwalay natin sa Kanya sa pamamagitan ng pagpapadala ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo upang mamatay sa krus para sa kabayaran ng ating mga kasalanan.

Hindi sapat na malaman lamang ang tatlong tuntuning ito…

4 LAW FOUR

WE MUST INDIVIDUALLY **RECEIVE** JESUS CHRIST AS SAVIOUR AND LORD; THEN WE CAN KNOW AND EXPERIENCE GOD'S LOVE AND PLAN FOR OUR LIVES.

WE MUST RECEIVE CHRIST

"As many as received Him, to them He gave the right to become children of God, even to those who believe in His name." (John 1:12)

WE RECEIVE CHRIST THROUGH FAITH

"By grace you have been saved through faith; and that not of yourselves, it is the gift of God; not as a result of works, that no one should boast." (Ephesians 2:8,9)

WE RECEIVE CHRIST BY PERSONAL INVITATION

[Christ speaking] *"Behold, I stand at the door and knock; if any one hears My voice and opens the door, I will come in to him." (Revelation 3:20)*

Receiving Christ involves turning to God from self (repentance) and trusting Christ to come into our lives to forgive our sins and to make us what He wants us to be. Just to agree **intellectually** that Jesus Christ is the Son of God and that He died on the cross for our sins is not enough. Nor is it enough to have an **emotional** experience. We receive Jesus Christ by **faith**, as an act of the **will.**

THESE TWO CIRCLES REPRESENT TWO KINDS OF LIVES:



SELF-DIRECTED LIFE

S – Self is on the throne.
† – Christ is outside the life.
• – Interests are directed by self, often resulting in discord and frustration.

CHRIST-DIRECTED LIFE

† – Christ is in the life and on the throne.
S – Self is yielding to Christ.
• – Interests are directed by Christ, resulting in harmony with God's plan.

Which circle best describes your life?
Which circle would you like to have represent your life?

The following explains how you can receive Christ:

4 IKA-APAT NA TUNTUNIN

KINAKAILANGAN NATING **TANGGAPIN** SI JESU-CRISTO NA ATING TAGAPAGLIGTAS AT PANGINOON; SAKA LAMANG NATIN MALALAMAN AT MARARANASAN ANG PAG-IBIG AT PLANO NG DIYOS SA ATING BUHAY.

ANG PANGANGAILANGAN NG PAGTANGGAP KAY CRISTO

"Datapwat ang lahat ng sa Kaniya'y nagsitanggap, ay pinagkalooban Niya sila ng karapatang maging mga anak ng Diyos, samakatuwid baga'y ang mga nagsisisampalataya sa Kanyang pangalan." (Juan 1:12)

ANG PAGTANGGAP KAY CRISTO AY SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA

"Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos; hindi sa pamamagitan ng mga gawa, upang ang sinuman ay huwag magmapuri" (Efeso 2:8,9).

ANG PAGTANGGAP KAY CRISTO AY SA PAMAMAGITAN NG PAANYAYANG PERSONAL

(Si Cristo ang nagsasalita): *"Narito, Ako'y nakatayo sa pintuan at tumutuktok: kung ang sinuman ay duminig ng Aking tinig at magbukas ng pinto, Ako'y papasok sa kaniya" (Apocalipsis 3:20).*

Ang pagtanggap kay Cristo ay nangangailangan ng pagbabalik-loob sa Diyos (pagsisisi) at pagtitiwala kay Cristo na papasok sa ating buhay, magpapatawad sa ating mga kasalanan at babaguhin ang ating buhay ayon sa Kanyang kalooban. Ang malaman lamang o sumang-ayon na si Jesu-Cristo ay ang Anak ng Diyos at Siya'y namatay sa krus para sa ating mga kasalanan ay hindi sapat. Hindi rin sapat ang magkaroon lamang ng emosyonal na karanasan. Ang pagtanggap kay Jesu-Cristo ay sa pamamagitan ng pananampalataya, isang kapasiyahan ng kalooban.

Ang dalawang larawan ay kumakatawan sa dalawang uri ng buhay:



BUHAY NA PINAG-HAHARIAN NG SARILI

S - Sarili ang nasa trono
† - Si Cristo'y nasa labas ng buhay
• - Mga hilig at naisin ay pinaghaharian ng sarili at tuloy nagbubunga ng kabiguan sa buhay

BUHAY NA PINAG-HAHARIAN NI CRISTO

† - Si Cristo'y nasa buhay at nasa trono
S - Sarili ay wala sa trono
• - Mga hilig at naisin na pinaghaharian ni Cristo ayon sa layunin ng Diyos.

Aling larawan ang kumakatawan ng iyong buhay?
Aling larawan ang ninanais mong kumatawan ng iyong buhay?

Ipinaliliwanag ng mga sumusunod kung paano tatanggapin si Cristo:

YOU CAN RECEIVE CHRIST RIGHT NOW BY FAITH THROUGH PRAYER

(Prayer is talking to God)

God knows your heart and is not so concerned with your words as He is with the attitude of your heart. The following is a suggested prayer:

"Lord Jesus, I need You. Thank You for dying on the cross for my sins. I open the door of my life and receive You as my Savior and Lord. Thank You for forgiving my sins and giving me eternal life. Take control of the throne of my life. Make me the kind of person You want me to be."

Does this prayer express the desire of your heart?

If it does, I invite you to pray this prayer right now, and Christ will come into your life, as He promised.

HOW TO KNOW THAT CHRIST IS IN YOUR LIFE

Did you receive Christ into your life? According to His promise in Revelation 3:20, where is Christ right now in relation to you? Christ said that He would come into your life. Would He mislead you?

On what authority do you know that God has answered your prayer? (The trustworthiness of God Himself and His Word.)

THE BIBLE PROMISES ETERNAL LIFE

"The witness is this, that God has given us eternal life, and this life is in His Son. He who has the Son has the life; he who does not have the Son of God does not have life. These things I have written to you who believe in the name of the Son of God, in order that you may know that you have eternal life."
(1 John 5:11-13)

Thank God often that Christ is in your life and that He will never leave you (Hebrews 13:5). You can know on the basis of His promise that Christ lives in you and that you have eternal life from the very moment you invite Him in. He will not deceive you.

What about feelings?

DO NOT DEPEND ON FEELINGS

The promise of God's Word, the Bible – not our feelings – is our authority. The Christian lives by faith (trust) in the trustworthiness of God Himself and His Word. This train diagram illustrates the relationship between fact (God and His Word), faith (our trust in God and His Word), and feeling (the result of our faith and obedience). (John 14:21)



The truck will run with or without a trailer. However, it would be useless to attempt to pull the truck by the trailer. In the same way, as Christians we do not depend on feelings or emotions, but we place our faith (t rust) in the trustworthiness of God and the promises of His Word.

SA PAMAMAGITAN NG PANANAMPALATAYA, MAAARI MONG TANGGAPIN SI CRISTO NGAYON DIN SA PANALANGIN.

(Ang panalangin ay pakikipag-usap sa Diyos)

Alam ng Diyos ang katayuan ng iyong puso at hindi Niya pinapansin ang paraan ng pagsasalita kundi ang nilalaman ng iyong puso. Ang sumusunod ay isang mungkahing panalangin lamang:

Panginoong Jesus, kailangan Kita. Salamat sa pagkamatay Mo sa krus para sa aking mga kasalanan, Binubuksan ko ang aking puso at tinatanggap Kita bilang aking Tagapagligtas at Panginoon. Salamat po sa pagpapatawad Mo sa aking mga kasalanan. Ikaw po ang maghari sa trono ng aking buhay. Gawin Mo po akong isang taong namumuhay ayon sa lyong kalooban. Amen.

Ang panalangin bang ito ang nais ng iyong puso?

Kung gayon nga, idalangin ito ngayon din at si Cristo'y papasok sa iyong buhay, tulad ng Kanyang ipinangako.

PAANO MALALAMAN NA SI CRISTO'Y NASA ATING BUHAY

Tinanggap mo ba si Cristo sa iyong buhay? Sang-ayon sa Kanyang pangako sa Apocalipsis 3:20, nasaan na si Cristo ngayon? Sinabi ni Cristo na papasok siya sa iyong buhay. Magsisinungaling ba Siya sa iyo? Paano mo nalaman na sinagot ng Diyos ang iyong panalangin? (Ang katapatan ng Diyos at ng Kanyang Salita ang katunayan. Tinutupad ng Diyos ang Kanyang mga pangako.)

IPINANGANGAKO NG BIBLIYA ANG BUHAY NA WALANG HANGGAN SA LAHAT NG TATANGGAP KAY CRISTO

"At ito ang patotoo, na tayo'y binigyan ng Diyos ng buhay na walang hanggan, at ang buhay na ito ay nasa Kaniyang Anak. Ang kinaroroonan ng Anak ay kinaroroonan ng buhay; (gayon din) ang hindi kinaroroonan ng Anak ng Diyos ay hindi kinaroroonan ng buhay. Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo, upang inyong malaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan"
(1 Juan 5:11-13).

Pasalamatan mong lagi ang Diyos na si Cristo'y nasa iyong buhay at hindi ka Niya iiwan (Hebreo 13:5). Malalaman mo sa pamamagitan ng Kanyang pangako na si Cristo'y nananahan sa iyo at ikaw ay may buhay na walang hanggan, mula nang Siya'y papasukin mo sa iyong buhay. Hindi ka Niya dadayain.

Isang mahalagang paalala…

HUWAG UMASA SA PAKIRAMDAM

Ang pangko ng Salita ng Diyos at hindi ang ating pakiramdam ang ating batayan. Ang Kristiyano ay nabubuhay sa pananampalataya (pagtitiwala) sa Diyos at sa Kanyang Salita. Ang trak ay naglalarawan ng kaugnayan ng katotohanan (Diyos at ang Kanyang Salita), pananampalataya (ang ating pagtitiwala sa Kanya at sa Bibliya) at pakiramdam (ang bunga ng ating pagtitiwala at pagsunod) (Juan 14:21).



Ang trak ay tatakbo kahit wala ang treyler. Subalit ito'y hindi maaaring tumakbo kung treyler ang hihila. Katulad din nito, ang isang Kristiyano na hindi umaasa sa pakiramdam o emosyon, kundi ang pagtitiwala niya ay sa Diyos at sa mga pangako ng Kanyang Salita.

NOW THAT YOU HAVE RECEIVED CHRIST

The moment that you received Christ by faith, as an act of the will, many things happened, including the following:

1. Christ came into your life. (Revelation 3:20 ; Colossians 1:27)
2. Your sins were forgiven. (Colossians 1:14)
3. You became a child of God. (John 1:12)
4. You received eternal life. (John 5:24)
5. You began the great adventure for which God created you. (John 10:10; 2 Corinthians 5:17; 1 Thessalonians 5:18)

Can you think of anything more wonderful that could happen to you than receiving Christ? Would you like to thank God in prayer right now for what He has done for you? By thanking God, you demonstrate your faith.

To enjoy your new life to the fullest...

NGAYONG TINANGGAP MO NA SI CRISTO

Sa sandaling tinanggap mo si Cristo sa pamamagitan ng pananampalataya, maraming bagay ang nangyari, kasama ang mga sumusunod:

1. Si Cristo ay pumasok sa iyong buhay (Apocalipsis 3:20 at Colosas 1:27).
2. Pinatawad na ang iyong mga kasalanan (Colosas 1:14; 2:13).
3. Ikaw ay naging anak ng Diyos (Juan 1:12).
4. Ikaw ay nagkaroon ng buhay na walang hanggan (Juan 5:24).
5. Nagsimula ka nang mamuhay sang-ayon sa kalooban ng Diyos (Juan 10:10; 2 Corinto 5:17 at 1Tesalonica 5:18).

Mayroon pa bang ibang bagay na hihigit pa kaysa pagtanggap kayCristo? Nais mo bang pasalamatan ang Diyos ngayon din dahil sa ginawa Niya sa iyo? Sa pagpapasalamat mo sa Diyos, pinatutunayan mo ang iyong pananampalataya.

SUGGESTIONS FOR CHRISTIAN GROWTH

Spiritual growth results from trusting Jesus Christ. “The righteous man shall live by faith.” (Galatians 3:11) A life of faith will enable you to trust God increasingly with every detail of your life, and to practice the following:

1 **G**o to God in prayer daily. (John 15:7)

2 **R**ead God’s Word daily (Acts 17:11); begin with the Gospel of John.

3 **O**bey God moment by moment. (John 14:21)

4 **W**itness for Christ by your life and words. (Matthew 4:19; John 15:8)

5 **T**rust God for every detail of your life. (1 Peter 5:7)

6 **H**oly Spirit – allow Him to control and empower your daily life and witness. (Galatians 5:16,17, Acts 1:8;)

MGA MUNGKAHI SA PAGLAGO SA BUHAY KRISTIYANO

Ang paglago sa buhay Kristiyano ay bunga ng pagtitiwala kay Cristo. *"Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya"* (Galatia 3:11). Ang buhay na may pananampalataya ay makakatulong sa iyo upang patuloy na ipagkatiwala mo sa Diyos ang bawat bahagi ng iyong buhay at upang gawin ang mga sumusunod:

1. Manalangin sa Diyos araw-araw (Juan 15:7).
2. Basahin ang Bibliya araw-araw (Mga Gawa 17:11) - magsimula sa ebanghelyo ni Juan.
3. Sundin ang Diyos tuwina (Juan 14:21).
4. Magpatotoo para kay Cristo sa pamamagitan ng iyong buhay at salita (Mateo 4:19; Juan15:8).
5. Ipagkatiwala ang bawa't bahagi ng iyong buhay sa Diyos (1 Pedro 5:7).
6. Magpasakop sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu (Galatia 5:16,17; Mga Gawa 1:8).

FELLOWSHIP IN A GOOD CHURCH

God’s Word instructs us not to forsake “the assembling of ourselves together”. (Hebrews 10:25) Several logs burn brightly together; but put one aside on the cold hearth and the fire goes out. So it is with your relationship with other Christians. If you do not belong to a church, do not wait to be invited. Take the initiative; call the pastor of a nearby church where Christ is honored and His Word is preached. Start this week, and make plans to attend regularly.

If this article has been helpful to you, please give it or read it to someone else. This way you might help another person come to know God personally.

MAHALAGA ANG PAGDALO SA PAGTITIPON NG MGA MANANAMPALATAYA

Sa Hebreo 10:25, sinasabihan tayo na huwag kaliligtaan *"ang pagdalo sa ating mga pagtitipon..."* Maningas ang apoy pag tabi-tabi ang maraming kahoy; ihiwalay mo ang isa at mamamatay ang dingas nito. Gayon din naman ang kaugnayan mo sa ibang mga mananampalataya. Kung hindi ka pa kaanib ng isang sambahan, huwag mong hintaying anyayahan ka pa. Magkusa kang dumalo sa isang sambahang si Cristo ang sinasamba at ang Salita ng Diyos ang ipinangangaral. Simulan sa darating na Linggo ang palagiang pagdalo.

WANT FURTHER HELP?

If you would like help in developing a closer relationship with Jesus Christ, please visit:

- www.firststepswithgod.com
- www.everyperson.com
- www.mylanguage.net.au

This article is also available in many other languages from www.hereslife.com/tracts.

DOWNLOAD OUR APP

Carry bi-lingual editions of this article in more than 50 languages on your phone. Visit hereslife.com/4sl

Written by Bill Bright. © 2010-2018 Bright Media Foundation and Campus Crusade for Christ, Inc. Previously © 1965-2002 CCC. All rights reserved. No part of this booklet may be changed in any way or reproduced in any form or stored or transmitted by computer or electronic means without written permission from Campus Crusade for Christ.

TagEng4pUSw1801.doc

MGA BABASAHING MAKATUTULONG SA PAGLAGO SA BUHAY KRISTIYANO

Isang sunud-sunod na pag-aaral ng Bibliya at marami pang mga babasahin ang ipinamamahagi. Para sa karagdagang kaalaman, sumulat sa:

Philippine Campus Crusade for Christ
PO BOX #1334
NIA Road, QC Central Post Office
Diliman, Quezon City 1100
Philippines

Email: nhq@ccc.org.ph

- **www.movementlife.org**
- **www.mylanguage.net.au**